JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginuton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuson

Republic of the Philippines
Department of Education
Regional Office IX, Zamboanga Peninsula

6

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# Filipino

## Ikalawang Markahan – Modyul 3:
## Paglarawan ng Tauhan Batay sa Damdamin Nito



Name of Learner: ___________________________

Grade & Section: ___________________________

Name of School: ___________________________

**Filipino – Ikaanim na Baitang**
**Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE)**
**Ikalawang Markahan – Modyul 3: Paglarawan ng Tauhan Batay sa Damdamin Nito**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anumang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anumang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | | |
|---|---|---|
| **Manunulat:** | Teresa G. Ybanez | |
| **Editor/ Tagasuri:** | Lea Jane T. Lañoso/ Riela Angela C. Josol | |
| **Tagaguhit:** | Rensee Louie G. Ybanez at Sheree Nicole G. Ybanez | |
| **Tagalapat:** | Dave D. Cubero | |
| **Tagapamahala:** | Virgilio P. Batan, Jr., CESO VI | – Schools Division Superintendent |
| | Lourma I. Poculan | – Asst. Schools Division Superintendent |
| | Amelinda D. Montero | – Chief Education Supervisor, CID |
| | Nur N. Hussien | – Chief Education Supervisor, SGOD |
| | Riela Angela C. Josol | – Education Program Supervisor – Filipino |
| | Bernie P. Laranjo | – Public Schools District Supervisor |
| | Ronillo S. Yarag | – Education Program Supervisor, LRMS |
| | Leo Martinno O. Alejo | – Project Development Officer II, LRMS |

**Inilimbag sa Pilipinas ng**

**Department of Education – Region IX – Dipolog City Schools Division**
Office Address: Purok Farmers, Olingan, Dipolog City
Zamboanga del Norte, 7100
Telefax: (065) 212-6986 and (065) 212-5818
E-mail Address: dipolog.city@deped.gov.ph

# Alamin

Isang magadang araw sa iyo! Sa modyul na ito, ay may bago na naman tayong matututuhan. Hinihikayat ko na buksan ang iyong isipan upang lubos mong maunawaan ang aralin at sabay-sabay nating gawin ang mga pagsasanay rito.

Sa katapusan ng aralin, inaasahang:

- **Nailalarawan ang tauhan batay sa damdamin nito at tagpuan sa binasang kuwento. (F6RC-IIa-4)**

# Balikan

May mukha sa loob ng kahon na nagpapakita ng iba't ibang damdamin. Piliin ang titik ng tamang sagot na naglalarawan sa damdamin o nararamdaman ng bawat tauhan.

**Hanay A**

1. 

2. 

3. 

4. 

**Hanay B**

A. Hindi alam ni Rosa ang kanyang susunod na gagawin matapos huminto ang sinasakyang barko sa kalagitnaan ng karagatan.

B. Masayang-masaya si Tony nang nakita niya ang nawawalang bola.

C. Ang labis na pighati sa pagkawala ng kanyang alagang aso ang dahilan ng kanyang pagkakasakit.

D. Hindi inaasahan ni Rodelyn ang malagim na pangyayari sa kanyang pamilya.

5. 

E. Nanginginig si Marie nang nasaksihan niya ang pagsabog sa may palengke.

# Tuklasin

Magaling! Binabati kita sa iyong pagsagot sa pagsasanay. Masipag ka bang mag-aral? Paano mo pinapahalagahan ang iyong pag-aaral? Ngayon, babasahin natin ang isang maikling kuwento tungkol sa isang bata na minsan ay binalewala ang kanyang pag-aaral. Alamin natin ang kanyang kinahinatnan sa katapusan ng kuwento.

**"Si Juan Na Laging Wala Sa Klase"**

*Isinulat ni: Sandy Ghaz*

Si Juan Franciso ay anak ng mayamang mag-asawa. Pagmamay-ari ng ama ang pinakamalaking hacienda sa baryo nila. Isa namang simpleng maybahay ang ina niya, hindi na nito kailangang magtrabaho sa dami ng kanilang pera.

Dahil nag-iisang anak ng mayamang mag-asawa, kampante si Juan na hinding- hindi na siya mamumulubi hanggang sa pagtanda niya. Ito ang dahilan kung bakit tamad siya mag-aral.

"Hindi ko naman kailangan gumradweyt, eh, hindi ko na kailangang mag-aral sa dami ng pera niyo ni daddy," palaging katwiran ni Juan tuwing pinapagalitan ng ina dahil sa hindi pagpasok sa niya klase.

Nagpatuloy ang hindi kaayang-ayang gawain ni Juan. Kahit guro niya ay pinupuntahan na siya sa klase.

"Anak, kailangan mong mag-aral. Ang pinag-aralan ang tanging bagay na hinding-hindi makukuha sa iyo ninuman," sabi ng ina ni Juan pagka-alis ng guro niya.

Hindi na mabilang-bilang ang mga pagkakataong pinuntahan siya ng guro niya sa bahay nila. Ngunit, talagang tamad si Juan. Mas gugustuhin pa niyang lumiban sa klase at maglaro sa kompyuter o mamasyal kasama ang barkada.

Isang araw, habang naglalaro ng kompyuter si Juan at kaibigan niyang si Pedro sa kwarto niya, may naririnig siyang isang malakas na sigaw ng ina niya.

"Juan! Juan! Ang daddy mo," sabi ng ina ng batang tamad mag-aral. Inatake sa puso ang ama ni Juan. Sinundan ito ng iba't ibang komplikasyon. Halos dalawang buwan na nakaratay ang daddy niya sa ospital bago ito pumanaw. Pati yung hacienda na pagmamay-ari nila ay naibenta para pambayad sa gastusin sa ospital.

"Anak, sa darating na pasukan, kailangan mong lumipat ng eskwelahan. Hindi na natin kakayanin yung bayarin sa pribadong paaralan diyan sa baryo," Malungkot ng sabi ng ina ni Juan sa kanya.

Naghirap silang mag-ina. Maraming pagkakataon na kinakailangan ni Juan na pumunta sa paaralan na walang laman ang tiyan o ang bulsa niya. Doon niya napagtanto na sana nag-aral siya sa kolehiyo at makakatulong na sa ina niya.

Mas bata sa kanya ang mga kaklase niya at ang mga kasing edad niya naman ay nagtatrabaho na. Labis ang panghihinayang ni Juan sa mga nasayang na panahon ngunit wala na siyang magagawa.

"Kung sana pinahalagahan ko na noon pa ang pag-aaral ko, 'di sana hindi na nahihirapan si mama maglabada," ang pagsisisi na laging bumubungad sa kanya sa tuwing makikita ang ina na hirap na hirap makakain lang sila. (*Sanggunian:* https://philnews.ph)

## Suriin

Nagustuhan mo ba ang binasang maikling kuwento? Mabuti naman!  Ngayon, pag-usapan natin ang mga pangyayari sa kuwento.

*1. Sino ang batang pinag uusapan sa kuwento?*

*2. Bakit hindi siya pumapasok sa kaniyang klase?*

*3. Kung ikaw si Juan sa kuwento, pagsisihan mo rin ba ang mga nangyayari sa kuwento?*

Sa inyong binasang kuwento, may mga damdamin bang ipinapakita ang mga tauhan?

**Halimbawa:**
*"Dahil nag-iisang anak ng mayamang mag-asawa, kampante si Juan na hinding- hindi na siya mamumulubi hanggang sa pagtanda niya."*

*"Anak, sa darating na pasukan, kailangan mong lumipat ng eskwelahan. Hindi na natin kakayanin yung bayarin sa pribadong paaralan diyan sa baryo," Malungkot ng sabi ng ina ni Juan sa kanya."*

Sa unang halimbawa, mararamdaman mo na ang pangunahing tauhan na si Juan ay magmamayabang dahil sa palagay niya ay hindi mauubos ang kanilang kayamanan. Samantalang, sa ikalawang halimbawa naman ay mararamdaman mo ang kalungkutan at paghihinayang ng ina sa sitwasyon.

Maaari nating mailalarawan ang tauhan ng isang kuwento o sitwasyon sa pamamagitan ng kanilang damdamin at tagpuan. Sa bawat pagpapakita ng damdamin ang tauhan ay nabibigyang pahiwatig ang kanyang katangian.

## Pagyamanin

Umpisahan na natin ang pagsasanay upang mas lalo mo pang maintindihan ang aralin.

**Gawain 1.** Basahin ang pahayag mula sa binasang kuwento sa bawat bilang. Ibigay ang tamang paglalarawan ng tauhan batay sa ipinakitang damdamin at tagpuan.

1. "*Hindi ko naman kailangan gumradweyt, eh, hindi ko na kailangan mag-aral sa dami ng pera niyo ni daddy*," palaging katwiran ni Juan tuwing pinapagalitan ng ina dahil sa hindi pagpasok sa klase niya. Si Juan ay ________________.
A. nagagalit B. nagmamayabang C. natutuwa D. naiiyak

2. "*Anak, sa darating na pasukan, kailangan mong lumipat ng eskwelahan. Hindi na natin kakayanin yung bayarin sa pribadong paaralan diyan sa baryo*," ang sabi ng ina ni Juan sa kanya. Ang ina ni Juan ay _________________.
A. nalulungkot B. natutuwa C. natatakot D. nagagalit

3. “*Juan! Juan! Ang daddy mo*,” sabi ng ina ng batang tamad mag-aral. Inatake sa puso ang ama ni Juan. Paano mo mailalarawan ang ina ni Juan sa nabanggit na pahayag?
A. Galit na galit ang ina kay Juan.
B. Nalilito ang ina ni Juan sa mga pangyayari.
C. Natatakot sa maaaring mangyari sa ama ni Juan.
D. Nababahala sa nararamdaman ni Juan.

4. Maraming pagkakataon na kinakailangan ni Juan na pumunta sa paaralan na walang laman ang tiyan o ang bulsa niya. Paano mo mailalarawan si Juan sa pahayag na ito?
A. Si Juan ay walang baon at gutom sa tuwing pumapasok.
B. Siya ay nawiwili sa paglalaro kaya wala palagi siyang pera.
C. Hindi nagugutom si Juan kapag pumasok sa paaralan.
D. Hindi binibigyan si Juan ng pera ng kanyang ina.

*5. “Kung sana pinahalagahan ko na noon pa ang pag-aaral ko, ‘di sana hindi na nahihirapan si mama maglabada.”* Batay sa damdamin sa pahayag, ang tauhan ay __________________.
A. naisipang huminto sa pag-aaral at maghanap ng trabaho
B. labis ang pagsisisi sa kinahinatnan ng kanyang buhay ngayon
C. may masamang balak upang matapos ang kanyang paghihirap
D. nais na tulungan ang kanyang ina sa paglalabada.

Nasagot mo ba nang tama ang lahat ng gawain? Binabati kita! Ngayon, subukan mong gawin ang susunod na gawain upang lubos mong mapagtibay ang iyong pag-unawa sa aralin natin.

**Gawain 2.** Basahin ang bawat sitwasyong nasa ibaba. Ilarawan ang tauhan batay sa damdamin na pinahiwatig. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

1. Naging kaugalian na ni Nita ang paggising nang maaga. Ngunit sa araw na ito, sinalubong siya ng kanyang mga magulang na may kagalakan at may dala-dalang keyk. Inawitan siya at sabay nilang hinalikan sa pisngi si Nita. Si Nita ay _______________.
A. kagagaling lang mula sa isang sakit
B. masaya dahil kaarawan niya ngayon
C. nagpahanda lang ng keyk maski walang okasyon
D. nakagawa ng mabuting gawain kay binigyan siya ng keyk.

2. May uwing pagkain ang tatay. Sinabi ng tatay na hatian ni Rosa ang kanyang kapatid na may sakit na si Mary. Hinati ni Rosa nang higit na malaking parte para sa kanyang maysakit na kapatid. Paano mo mailalarawan si Rosa?
A. masinop B. matulungin C. mapagbigay D. mapagmahal

3. Tinawag ni Kirk si Dave dahil gusto nitong makipaglaro. Sabik man si Dave na lumabas pero ito’y tinanggihan niya dahil bilin ng kanyang tatay na bantayan ang kanilang alagang hayop. Si Dave ay _____________.
A. masunurin B. magalang C. mabait D. matulungin

4. Nagluluto si Pamela ng adobong manok nang nakita niyang kinulang pala siya sa paminta. Dali-daling lumabas si Pamela upang bumili ng paminta sa tindahan na nasa tapat ng kanilang bahay. Pagbalik niya ay may naamoy na siya. Nanlaki ang kanyang mga mata sa gulat! Patakbong pumunta si Pamela sa kusina at pinatay ang apoy sa kalan. Sunog na pala ang kanyang nilulutong adobo. Paano ninyo mailalarawan si Pamela sa sitwasyon?
A. Si Pamela ay nalilito.
B. Alisto si Pamela at alam niya ang kanyang gagawin.

C. Tanggap ni Pamela ang sunog na adobong niluto niya.
D. Natatakot si Pamela na pagalitan ng kanyang ina.

5. May masarap na baon si Tisoy habang nakita niyang walang kinain ang kanyang kaibigang si Romel. Naawa siya sa kanyang kaibigan. Kaya tinawag niya ito at binigyan niya ng kalahati ng kanyang baon. Si Tisoy ay isang _____________.
A. matapat na kaibigan
B. kaibigang mapagbigay
C. batang masipag
D. masayahing kaibigan

## *Isaisip*

Mayroon na ba kayong natutuhan sa ating aralin? Mahalagang malaman ang lalim ng iyong pag-unawa tungkol sa ating paksa.

Tayong lahat ay may sariling damdamin o emosyon. Mayroon ka ring sariling dahilan ng iyong kasiyahan, kalungkutan, pagkagulat at galit na nararamdaman. Naiiba ang ating damdamin depende sa sitwasyon na kinakaharap o karanasan. Minsan, nadadala tayo sa ating mga nararamdaman mula sa mga binabasa o napakinggang kuwento dahil minsan ang mga sitwasyon ay nangyayari sa totoong buhay.

Tandaan, isa sa mabisang batayan sa paglalarawan ng tauhan sa kuwento ay ang ipinapakita nitong damdamin, kilos at pananalita. Ang mga damdamin ng tauhan sa kuwento ay malaking tulong sa pagkilala kung ano ang katangian nito. Mahalaga ring mailarawan nang tama ang lugar o panahon upang makaganyak sa mga mambabasa at madama nito ang ninanais ng may-akda.

Sa ating mga kuwento at mga sitwasyong nabigay ay nailarawan natin ang mga tauhan ang kanilang mga katangian at pagkatao sa pamamagitan ng kanilang ipinapakitang damdamin at tagpuan nito.

## *Isagawa*

**Panuto:** Basahin nang mabuti ang bawat sitwasyon. Piliin sa loob ng kahon ang angkop na salita na naglalarawan sa tauhan batay sa damdamin at tagpuan ng bawat bilang.

1. Halos ang gabi ay ginagawang araw na ni Ruben upang makapag-ipon para sa mga kakailanganin ng anak sa pag-aaral. Si Ruben ay isang amang ______________.

2. Sadyang napakabilis magtrabaho si Mang Andres sa pinagtatrabahuang pagawaan at wala siyang inaaksayang panahon. Si Mang Andres ay ______________.

3. Pinagmumura ng isang mayamang babae ang magsasakang nagsikain at tumulong lamang sa malaking handaan sa kanilang tahanan gayong may bisita pa raw silang hindi pa nakakakain. Ang mayamang babae ay ______________.

4. Ayaw kumanta ni Alejandro sa harap ng kanyang mga kaklase kaya napayuko na lamang siya nang tinawag na ng guro. Si Alejandro ay ______________.

5. “Naiinis ako sa inyo! Buong araw nakabukas ang aircon sa kwarto. Sayang ang kuryente!” sabi ni Nanay. Si Nanay ay ______________.

| | |
|---|---|
| responsable | matapobre |
| masikap | nanghihinayang |
| likas na masayahing tao | nahihiya |

Nakuha mo ba lahat ng mga sagot? Madali mo na bang mailarawan ang tauhan batay sa damdamin at tagpuan? Magaling!



## *Tayahin*

**Panuto:** Ilarawan ang mga tauhan sa bawat bilang batay sa kanilang damdamin.

**Gawain 1.** Basahin ang mga pangyayari upang makatulong sa pagbuo ng iyong sagot. Buoin ang mga salita sa pamamagitan ng paglalagay sa patlang ng mga kulang na titik.

1. Naapektuhan masyado ang bibe sa panlalait ng kanyang mga kapatid na bibe dahil sa kakaiba niyang hitsura kaya nagplano siyang maglayas. Ang bibe ay **n_g_ara_d_ m.**

2. Nalungkot at naawang nagtanong sa Diyos si Mang Filipe nang tumalab sa kanyang katauhan ang panunudyo ng kanyang kaibigan at sinabing, “Ako bay isinilang lamang upang magdusa at magpakahirap habang ang iba ay nabubuhay para magpasarap? Sa oras na ito, si Mang Felipe ay **m_ba_a** ang tingin sa sarili.

3. Mula umaga hanggang gabi ay nagtatrabaho si Aling Minda. Hindi niya alintana ang pagod dahil masaya siya sa kanyang ginagawa. Si Aling Minda ay **_a _ ip_ g** na manggagawa.

4. Awang-awa si Mildred sa mga pamilyang apektuhan sa malaking pagbaha sa kalapit na bayan. Agad siyang nagpaabot ng tulong at nagpadala ng pagkain at tulong pangmedikal lalong-lalo na sa mga bata. Si Mildred ay likas na may **m_ _ as _k_t** sa kapwa.

5. “Bakit mo sinulatan ang dingding? Ayan hindi na maalis yan kailangan pa pinturahan!” ang pagsigaw na sambat ni Nanay. Si Nanay ay umaapoy na sa **_al _t.**

**Gawain 2.** Ilarawan ang tauhan batay sa damdamin sa bawat bilang. Pumili ng sagot sa kahon. Isulat lamang ang titik ng tamang sagot sa inyong sagutang papel.

_____ 1. Masakit man ang kanyang katawan, pinipilit ni Marjorie na mag-aral upang makakuha ng marka kahit mahirap ang aralin.

_____ 2. Ang pag-aaruga ni Nene sa kanyang maysakit na ina ay tanging simpleng paraan na alam niya upang maipadama kung gaano niya ito kamahal.

_____ 3. Pinipili ni Edmund ang mga salitang nararapat at angkop lalong-lalo na kung ang mga kausap niya ay mga nakakatanda pa sa kanya.

_____ 4. "Ah, basta! Hindi na ako babalik sa restawran na iyon. Bukod sa mabagal ang serbisyo, hindi naman gaanong masarap ang pagkain!"

_____ 5. "Hindi ko na kakainin ang dala niyong spaghetti. Hindi naman talaga para sa akin iyan eh."

| | |
|---|---|
| a. nagrereklamo | d. magalang |
| b. nagtatampo | e. masipag |
| c. mapagmahal | d. masinop |

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Ilarawan ang mga tauhan sa napili mong teleserye sa telebisyon na nasa ibaba. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

| ANG PROBINSIYANO |
|---|
| 1. Ricardo Dalisay – |
| 2. Alyana Dalisay – |
| 3. General Delfin – |
| 4. Lola Flora – |
| 5. Presidente Oscar – |

| ENCANTADIA |
|---|
| 1. Reyna Amihan – |
| 2. Danaya – |
| 3. Alena – |
| 4. Pirena – |
| 5. Hagorn – |

## *Susi ng Pagwawasto*

**Balikan:**

1. B
2. A
3. E
4. D
5. C

**Pagyamanin**

| Gawain 1 | | Gawain 2 | |
|---|---|---|---|
| 1. | b | 1. | b |
| 2. | a | 2. | c |
| 3. | c | 3. | a |
| 4. | a | 4. | b |
| 5. | b | 5. | b |

**Isagawa:**

1. Responsible
2. Masikap
3. Matapobre
4. Nahihiya
5. nanghihinayang

**Tayahin:**

| Gawain 1 | Gawain 2 |
|---|---|
| 1. nagdaramdam | 1. masipag |
| 2. mababa | 2. mapagmahal |
| 3. masipag | 3. magalang |
| 4. malasakit | 4. nagrereklamo |
| 5. galit | 5. nagtatampo |

# *Sanggunian*

Failano, Alice, Fil6 DLP 21 Mga Katangian ng Tauhan, Published Feb.23, 2018, https://www.slideshare.net (Accessed on August 29, 2020)

Ghaz, Sandy, Maikling Kuwento: Si Juan na Laging Wala sa Klase, Nov. 12, 2018, https://philnews.ph , (Accessed on August 30, 2020)

## Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos, Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## My Final Farewell

Farewell, dear Fatherland, clime of the sun caress'd
Pearl of the Orient seas, our Eden lost!,
Gladly now I go to give thee this faded life's best,
And were it brighter, fresher, or more blest
Still would I give it thee, nor count the cost.

On the field of battle, 'mid the frenzy of fight,
Others have given their lives, without doubt or heed;
The place matters not-cypress or laurel or lily white,
Scaffold or open plain, combat or martyrdom's plight,
T is ever the same, to serve our home and country's need.

I die just when I see the dawn break,
Through the gloom of night, to herald the day;
And if color is lacking my blood thou shalt take,
Pour'd out at need for thy dear sake
To dye with its crimson the waking ray.

My dreams, when life first opened to me,
My dreams, when the hopes of youth beat high,
Were to see thy lov'd face, O gem of the Orient sea
From gloom and grief, from care and sorrow free;
No blush on thy brow, no tear in thine eye.

Dream of my life, my living and burning desire,
All hail ! cries the soul that is now to take flight;
All hail ! And sweet it is for thee to expire ;
To die for thy sake, that thou mayst aspire;
And sleep in thy bosom eternity's long night.

If over my grave some day thou seest grow,
In the grassy sod, a humble flower,
Draw it to thy lips and kiss my soul so,
While I may feel on my brow in the cold tomb below
The touch of thy tenderness, thy breath's warm power.

Let the moon beam over me soft and serene,
Let the dawn shed over me its radiant flashes,
Let the wind with sad lament over me keen ;
And if on my cross a bird should be seen,
Let it trill there its hymn of peace to my ashes.

Let the sun draw the vapors up to the sky,
And heavenward in purity bear my tardy protest
Let some kind soul o 'er my untimely fate sigh,
And in the still evening a prayer be lifted on high
From thee, 0 my country, that in God I may rest.

Pray for all those that hapless have died,
For all who have suffered the unmeasur'd pain;
For our mothers that bitterly their woes have cried,
For widows and orphans, for captives by torture tried
And then for thyself that redemption thou mayst gain

And when the dark night wraps the graveyard around
With only the dead in their vigil to see
Break not my repose or the mystery profound
And perchance thou mayst hear a sad hymn resound
'T is I, O my country, raising a song unto thee.

And even my grave is remembered no more
Unmark'd by never a cross nor a stone
Let the plow sweep through it, the spade turn it o'er
That my ashes may carpet earthly floor,
Before into nothingness at last they are blown.

Then will oblivion bring to me no care
As over thy vales and plains I sweep;
Throbbing and cleansed in thy space and air
With color and light, with song and lament I fare,
Ever repeating the faith that I keep.

My Fatherland ador'd, that sadness to my sorrow lends
Beloved Filipinas, hear now my last good-by!
I give thee all: parents and kindred and friends
For I go where no slave before the oppressor bends,
Where faith can never kill, and God reigns e'er on high!

Farewell to you all, from my soul torn away,
Friends of my childhood in the home dispossessed!
Give thanks that I rest from the wearisome day!
Farewell to thee, too, sweet friend that lightened my way;
Beloved creatures all, farewell! In death there is rest!

## I Am a Filipino, by Carlos P. Romulo

I am a Filipino–inheritor of a glorious past, hostage to the uncertain future. As such I must prove equal to a two-fold task–the task of meeting my responsibility to the past, and the task of performing my obligation to the future.

I sprung from a hardy race, child many generations removed of ancient Malayan pioneers. Across the centuries the memory comes rushing back to me: of brown-skinned men putting out to sea in ships that were as frail as their hearts were stout. Over the sea I see them come, borne upon the billowing wave and the whistling wind, carried upon the mighty swell of hope–hope in the free abundance of new land that was to be their home and their children's forever.

I am a Filipino. In my blood runs the immortal seed of heroes–seed that flowered down the centuries in deeds of courage and defiance. In my veins yet pulses the same hot blood that sent Lapulapu to battle against the first invader of this land, that nerved Lakandula in the combat against the alien foe, that drove Diego Silang and Dagohoy into rebellion against the foreign oppressor.

The seed I bear within me is an immortal seed. It is the mark of my manhood, the symbol of dignity as a human being. Like the seeds that were once buried in the tomb of Tutankhamen many thousand years ago, it shall grow and flower and bear fruit again. It is the insignia of my race, and my generation is but a stage in the unending search of my people for freedom and happiness.

I am a Filipino, child of the marriage of the East and the West. The East, with its languor and mysticism, its passivity and endurance, was my mother, and my sire was the West that came thundering across the seas with the Cross and Sword and the Machine. I am of the East, an eager participant in its spirit, and in its struggles for liberation from the imperialist yoke. But I also know that the East must awake from its centuried sleep, shake off the lethargy that has bound his limbs, and start moving where destiny awaits.

I am a Filipino, and this is my inheritance. What pledge shall I give that I may prove worthy of my inheritance? I shall give the pledge that has come ringing down the corridors of the centuries, and it shall be compounded of the joyous cries of my Malayan forebears when first they saw the contours of this land loom before their eyes, of the battle cries that have resounded in every field of combat from Mactan to Tirad Pass, of the voices of my people when they sing:

"I am a Filipino born to freedom, and I shall not rest until freedom shall have been added unto my inheritance—for myself and my children and my children's children—forever."